

Instruksyon: Ang taong humihingi ng kautusang pagpigil ay dapat kumpletuhin ang mga item ① at ②. Kukumpletuhin ng korte ang natitirang bahagi ng form na ito.

Ang mga selyo ng klerk ay may petsa rito kung kailan inihain ang form.

**Bilang impormasyon
lamang
Huwag ihain
sa korte**

Punan ng pangalan ng hukuman at address ng kalye:

**Kataas-taasang Hukuman ng California,
County ng**

Pupunan ng korte ang numero ng kaso kapag naihain na ang form.

Numero ng Kaso:

Huwag ihain sa korte

① Taong Humihingi ng Proteksyon

Pangalan: Bilang impormasyon lamang

② Taong Dapat Pigilan

Pangalan: _____

③ Abiso ng Pagdinig

Ang pagdinig sa hukuman ay naka-iskedyul sa kahilingan para sa mga kautusan sa pagpigil laban sa taong nasa ②:



Pangalan at address ng korte kung iba sa itaas:
Petsa: _____ Oras: _____
Dept.: _____ Silid: _____

Maaari kang dumalo sa petsa ng pagdinig nang remote, tulad ng sa pamamagitan ng telepono o videoconference. Para sa karagdagang impormasyon, pumunta sa website ng korte para sa county na nakalista sa itaas. Upang mahanap ang website ng korte, pumunta sa: www.courts.ca.gov/find-my-court.htm.

Sa pagdinig, kailangang isaalang-alang ng hukuman kung ang hindi paggawa ng alinman sa mga kautusang hiniling ng tao sa ① ay maaaring ilagay sa panganib ang kaligtasan ng tao sa ① o sinumang mga batang nakalista sa form DV-105. Kung hiniling ang suporta sa bata o asawa, kailangang isaalang-alang ng hukuman kung ang hindi paggawa ng mga utos ng suporta ay ilalagay sa panganib ang kaligtasan ng taong nasa ① o sinumang mga batang nakalista sa form DV-105.

Para sa taong nasa ②:

- Kung dadalo ka sa pagdinig (sa personal, sa pamamagitan ng telepono, o sa pamamagitan ng videoconference) at magbibigay ang hukom ng kautusan sa pagpigil laban sa inyo, magkakabisa kaagad ang utos, at maaari kang maaresto kapag lumabag ka sa utos.
- Kung hindi ka dadalo sa pagdinig, maaari pa ring ibigay ng hukom ang kautusan sa pagpigil na maaaring tumagal ng hanggang limang taon. Pagkatapos mong makatanggap ng isang kopya ng utos, maaari kang maaresto kapag lumabag ka sa utos.



4 Mga Pansamantalang Kautusan sa Pagpigil (Ang anumang mga utos na ibinigay ay nakalakip sa form DV-110.)

- a. Mga Pansamantalang Kautusan sa Pagpigil (*anumang utos na hiniling sa ilalim ng Family Code seksyon 6320*): (*lagyan ng tsek ang isa*)
- (1) ☐ Lahat ay **iginawad** hanggang sa pagdinig ng korte.
 - (2) ☐ Lahat ay **tinanggihan** hanggang sa pagdinig ng korte (*Ang mga dahilan para sa pagtanggig ay ibinibigay sa ibaba sa b.*)
 - (3) ☐ Bahagyang **ipinagkaloob** at bahagyang **tinanggihan** hanggang sa pagdinig ng korte. (*Ang mga dahilan para sa pagtanggig ay ibinigay sa baba sa b.*)
- b. ☐ Mga dahilan sa pagtanggig ng ilan o lahat ng mga utos na hiniling sa form DV-100.
- (1) ☐ Ang mga katotohanan na ibinigay sa kahilingan (form DV-100) ay hindi nagpapakita ng makatuwirang patunay ng nakaraang akto o mga akto ng pang-aabuso. (Mga Family Code na seksyon 6300, 6320, at 6320.5.)
 - (2) ☐ Ang mga katotohanan na ibinigay sa kahilingan ay hindi nagbibigay ng sapat na detalye tungkol sa pinakabagong mga insidente ng pang-aabuso, kabilang ang nangyari, mga petsa, kung sino ang gumawa kanino, o anumang pinsala o kasaysayan ng pang-aabuso.
 - (3) ☐ Iba pang mga dahilan para sa pagtanggig:

5 Kumpidensyal na Impormasyon Tungkol sa Menor de edad

- a. ☐ Isang *Kahilingan na Panatiliing Kumpidensyal ang Impormasyon ng Menor de edad* (form DV-160) ay ginawa at **ipinagkaloob** (*tingnan ang form DV-165, Kautusan sa Kahilingan na Panatiliing Kumpidensyal ang Impormasyon ng Menor de edad, na inihain kasama ang form na ito.*)
- b. **Kung ibinigay ang kahilingan, ang impormasyong inilarawan sa utos (form DV-165, ang item 7) ay dapat panatiliing KUMPIDENSYAL. Ang pagsisiwalat o maling paggamit ng impormasyon ay may parusa bilang kaparusahan, na may multang hanggang \$1,000 o iba pang multa sa korte.**

6 Paghahain ng Mga Dokumento ng Taong nasa 1

Hindi bababa ☐ sa limang ☐ _____ araw bago ang pagdinig, sinumang nasa edad na 18 o mas matanda—**hindi ikaw o sinuman na kailangang protektado**—ay dapat personal na magbigay (maghain) ng kopya na may selyo ng hukuman sa file sa form na ito (DV-109, *Abiso ng Pagdinig sa Hukuman*) sa taong nasa 2 kasama ng isang kopya ng lahat ng mga form na ipinahiwatig sa baba:

- a. DV-100, *Kahilingan para sa Kautusan sa Pagpigil sa Karahasan sa Tahanan* (may selyo ang file)
- b. ☐ DV-110, *Pansamantalang Kautusan sa Pagpigil* (may selyo ang file), **kung ipinagkaloob**
- c. DV-120, *Tugon sa Kahilingan para sa Kautusan sa Pagpigil sa Karahasan sa Tahanan* (blangkong form)
- d. DV-120-INFO, *Paano ako Makakatugon sa Kahilingan para sa Karahasan sa Tahanan sa Kautusan sa Pagpigil?*
- e. ☐ DV-170, *Abiso ng Kautusan sa Pagprotekta sa Impormasyon ng Menor de edad*, at DV-165, *Kautusan sa Kahilingan na Panatiliing Kumpidensyal ang Impormasyon ng menor de edad* (may stamp ang file), **kung ipinagkaloob**
- f. ☐ Iba pa (*tukuyin*): _____

Pirma ng Hukom

Petsa: _____

Opisyal ng Hukuman



Para sa Taong nasa ①:

- **Sa pagdinig:** Magpapasya ang hukom kung kinakailangan ang isang kautusan sa pagpigil upang mapanatiling ligtas ka o ang iyong mga anak. Kung binigyan ka ng hukom ng isang kautusan sa pagpigil sa pagdinig, maaari itong tumagal ng hanggang limang taon. Dapat kang dumalo sa pagdinig kung nais mong gawin ng hukom ang alinman sa mga utos na hiniling mo sa form na DV-100. Magdala ng anumang katibayan o mga saksi na mayroon ka. Para sa karagdagang impormasyon, basahin ang form [DV-520-INFO](#), *Maghanda para sa Iyong Pagdinig sa Kautusan sa Pagpigil sa Korte*.
- **Opsyon upang kanselahin ang pagdinig:** Kung natsek ang item ④a(2) o ④a(3), mayroon kang opsyon na kanselahin ang pagdinig. Kung kakanselahin mo ang pagdinig, hindi mapapasulong ang iyong kahilingan para sa kautusan sa pagpigil. Anumang pansamantalang utos na ginawa ay mag-e-expire sa araw ng pagdinig. Kung nais mong kanselahin ang pagdinig, gamitin ang form [DV-112](#), *Pahintulot na Hindi Magdaos ng Pagdinig Tungkol sa Tinanggihan na Kahilingan para sa Pansamantalang Kautusan sa Pagpigil*.
- **Bago ang pagdinig:** Dapat magkaroon ka ng isang tao na personal na maghain (magbigay) sa taong nasa ② ng kopya ng lahat ng mga papel na nakalista sa ⑥ sa deadline na nakalista sa ⑥. Para sa karagdagang impormasyon, basahin ang form DV-200-INFO, *Ano ang “Patunay ng Personal na Serbisyo”?* Maaari mong hilingin na muling iiskedyul ang pagdinig kung hindi mo magawang maghain sa taong nasa ② at kailangan ng mas maraming oras upang maghain ng mga dokumento, o para sa iba pang mabuting kadahilanan. Basahin ang form [DV-115-INFO](#), *Paano Humingi ng Bagong Petsa ng Pagdinig*.

Para sa Taong nasa ②:

- **Tumugon sa paraang nakasulat** (opsyonal): Maaari kang tumugon sa paraang nakasulat sa pamamagitan ng pagkumpleto ng form DV-120, *Tugon sa Kahilingan para sa Kautusan sa Pagpigil sa Karahasan sa Tahanan*. Para sa karagdagang impormasyon, basahin ang form [DV-120-INFO](#), *Paano Ako Makatutugon sa isang Kahilingan para sa Kautusan sa Pagpigil sa Karahasan sa Tahanan?*
- **Sa pagdinig:** Tumugon ka man sa paraang nakasulat o hindi, dumalo sa pagdinig kung gusto mong marinig ng hukom ang panig mo bago gumawa ng utos. Sa pagdinig, sabihin sa hukom kung bakit sumasang-ayon ka o hindi sumasang-ayon sa mga utos na hiniling. Magdala ng anumang katibayan o mga saksi na mayroon ka. Basahin ang form [DV-520-INFO](#), *Maghanda para sa Inyong Pagdinig sa Kautusan sa Pagpigil sa Korte*
- Kung hindi ka makakadalo sa inyong pagdinig sa korte o kailangan ng mas maraming oras upang ihanda ang inyong kaso, maaari mong hilingin sa hukom na muling iiskedyul ang petsa ng inyong pagdinig. Basahin ang form [DV-115-INFO](#), *Paano Humingi ng Bagong Petsa ng Pagdinig*.

**Kahilingan para sa Akomodasyon**

Available ang mga assistive listening system, computer-assisted real-time captioning, o serbisyo ng interpreter sa sign language kung hihilingin mo ng hindi bababa sa limang araw bago ang pagdinig. Makipag-ugnayan sa tanggapan ng klerk o pumunta sa www.courts.ca.gov/forms para sa *Kahilingan sa Akomodasyon para sa Kapansanan* (form MC-410). (Civil Code seksyon 54.8.)

(Pupunan ng Klerk ang bahaging ito.)

Sertipiko ng Klerk
[selyo]

—Sertipiko ng Klerk—

Pinatutunayan ko na ang *Abiso ng Pagdinig sa Korte na ito* ay totoo at tamang kopya ng orihinal na nasa file sa korte.

Petsa: _____ Klerk, ni _____, Deputy